# Paano Nakaka-apekto ang Trabaho sa Inyong Mga Benepisyo

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Magkano ang maaari ninyong kitain habang tumatanggap pa rin ng mga benepisyo? | 2 |
| Ang inyong mga kinita at inyong mga benepisyo — magkano ang makukuha ninyo? | 2 |
| Anong kita ang isasama...at kailan namin ito dapat isama sa pagkukuwenta? | 3 |
| Espesyal na tuntunin para sa unang taon ng inyong pagreretiro | 3 |
| Nararapat ba ninyong i-ulat ang mga pagbabago sa inyong mga kinita? | 4 |
| Kayo ba ay makakatanggap ng mas mataas na buwanang benepisyo lumaon kung ang mga benepisyo ay hinawakan muna sanhi ng trabaho? | 4 |
| May iba pa bang mga paraan na gumagana para mapataas ang inyong mga benepisyo? | 4 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 5 |


Maaari kayong makatanggap ng mga benepisyo para sa pagreretiro o survivor mula sa Social Security at magtrabaho pa rin. Ngunit, kung kayo ay mas bata sa ganap na edad para sa pagreretiro, at mas malaki ang kita kaysa sa ilang mga tiniyak na halaga, mababawasan ang inyong mga benepisyo. Ang mababawasang halaga ng inyong mga benepisyo, gayunman, ay hindi ganap na mawawala. Tataas ang inyong mga benepisyo sa inyong ganap na edad sa pagreretiro para pangatuwiran ang mga benepisyo na kinaltas sanhi ng mga naunang kinita. (Ang mga asawa at survivor, na tumatanggap ng mga benepisyo dahil sila ay may mga menor de edad o may kapansanang anak sa kanilang pag-aalaga, ay hindi tatanggap ng mga tumaas na benepisyo sa ganap na edad sa pagreretiro kung ang mga benepisyo ay kinaltas dahil sa trabaho.)

***TANDAAN:*** *Iba't ibang mga tuntunin ang ipinapataw kung kayo ay makatanggap ng mga benepisyo para sa kapansanan mula sa Social Security o mga bayad para sa Supplemental Security Income. Sa gayon ay kailangan ninyong i-ulat ang lahat ng mga kinita sa Social Security. At, ipapataw ang iba't ibang mga tuntunin kung kayo ay nagtatrabaho sa*

*labas ng Estados Unidos. Makipag-ugnayan sa amin kung kayo ay nagtatrabaho (o planong magtrabaho) sa labas ng bansa.*

## Magkano ang maaari ninyong kitain habang tumatanggap pa rin ng mga benepisyo?

**Kung kayo ay ipinanganak noong Enero 2, 1956 hanggang Enero 1, 1957**, sa gayon ang inyong ganap na edad para sa pagreretiro para sa mga benepisyo ng insurance sa pagreretiro ay 66 at 4 buwan. *Kung kayo ay nagtatrabaho, at mayroon nang ganap na edad para sa pagreretiro o mas matanda pa, maaari ninyong itabi ang lahat ng inyong mga benepisyo, anumang ang halaga ng inyong kinikita*. Kung kayo ay mas bata kaysa sa ganap na edad para sa pagreretiro, mayroong limitasyon kung magkano ang maaari ninyong kitain at makakatanggap pa rin ng kumpletong benepisyo mula sa Social Security. Kung kayo ay mas bata sa ganap na edad para sa pagreretiro sa buong taon ng 2018, kailangan naming magbawas ng $1 mula sa inyong mga benepisyo para sa bawat $2 na kinikita ninyo na higit sa $17,040.

**Kung kayo ay umabot na sa ganap na edad para sa pagreretiro sa taong 2018,** kailangan naming bawasan ng $1 ang inyong mga benepisyo sa bawat $3 na kinikita ninyo na higit sa $45,360 hanggang sa buwan na umabot na kayo sa ganap na edad para sa pagreretiro.

### Ang mga halimbawang ito ay nagpapakita sa mga tuntunin na makaka-apekto sa inyo:

Sabihin na natin na kayo ay nag-file para sa mga benepisyo mula sa Social Security sa edad na 62 taong gulang sa Enero 2018 at ang inyong bayad ay $600 kada buwan ($7,200 para sa taon). Sa taong 2018, plano ninyong magtrabaho at kumita ng $22,000 ($4,960 higit sa $17,040 na limitasyon). Nais naming hawakan muna ang $2,480 mula sa inyong mga benepisyo sa Social Security ($1 para sa bawat $2 na kinikita ninyo na higit sa limitasyon). Para magawa ito, nais naming hawakan muna ang lahat ng mga bayad sa benepisyo mula Enero 2018 hanggang Mayo 2018. Simula Hunyo 2018, kayo ay makakatanggap ng $600 benepisyo at ang halagang ito ay ibabayad sa inyo kada buwan para sa natitirang bahagi ng buwan. Sa taong 2019, babayaran lang namin kayo ng karagdagang $520 na aming kinaltas noong Mayo 2018.

O, sabihin na natin na hindi pa kayo umaabot sa ganap na edad para sa pagreretiro sa umpisa ng taon, ngunit aabot dito sa Nobyembre 2018. Kayo ay kumita ng $46,380 sa loob ng 10 buwan mula Enero hanggang Oktubre. Sa panahong ito, nais naming hawakan muna ang $340 ($1 sa bawat $3 na kinita ninyo na higit sa $45,360 na limitasyon). Para magawa ito, namin naming hawakan muna ang inyong unang tseke sa taon. Simula Pebrero 2018, kayo ay makakatanggap ng $600 benepisyo at ang halagang ito ay ibabayad sa inyo kada buwan para sa natitirang bahagi ng buwan. Sa taong 2019, babayaran namin sa inyo ang natitirang $260 na aming hinawakan noong Enero 2018.

## Ang inyong mga kinita at inyong mga benepisyo — magkano ang makukuha ninyo?

Ang sumusunod na talaan ay magbibigay sa inyong ngideya kung magkano ang matatanggap ninyong mga benepisyo ng Social Security para sa taong 2018, batay sa inyong buwanang mga benepisyo, at mga tinatantiyang kita.

| **Para sa mga taong mas bata kaysa sa ganap na edad para sa pagreretiro sa buong taon** | | |
|---|---|---|
| ***Kung ang inyong buwanang benepisyo mula sa Social Security ay*** | ***At kayo ay kumikita ng*** | ***Kayo ay makakatanggap ng mga taunang benepisyo na*** |
| $700 | $17,040 o mas mababa | $8,400 |
| $700 | $18,000 | $7,920 |
| $700 | $20,000 | $6,920 |
| $900 | $17,040 o mas mababa | $10,800 |
| $900 | $18,000 | $10,320 |
| $900 | $20,000 | $9,320 |
| $1,100 | $17,040 o mas mababa | $13,200 |
| $1,100 | $18,000 | $12,720 |
| $1,100 | $20,000 | $11,720 |

## Anong kita ang isasama...at kailan namin ito dapat isama sa pagkukuwenta?

Kung kayo ay nagtatrabaho para sa iba, ang inyong mga suweldo lang ang isasama sa mga limitasyon sa kita ng Social Security. Kung kayo ay may sariling hanap-buhay, isasama lang namin ang inyong mga net na kinita mula sa sariling hanap-buhay. Para sa mga limitasyon ng kinita, hindi namin isasama ang mga kinita tulad ng iba pang mga benepisyo mula sa gobyerno, mga kinita sa ipinuhunan, mga interes, mga pensyon, annuity, at capital gain. Isinasama namin ang kontribusyon ng empleyado sa isang plano para sa pension o pagreretiro, gayunman, kung ang halaga ng kontribusyon ay kasama sa gross na suweldo ng empleyado.

Kung kayo ay nagtatrabaho nang may suweldo, ang kita ay isinasama kapag kinita na ito, hindi kapag binayaran ito. Kung may kinita kayong naipon ninyo sa isang taon, ngunit ang bayad ay ginawa sa sumunod na taon, hindi ito dapat isama sa mga kinita para sa taon nang natanggap ninyo ito. Ang ilang mga halimbawa ay ang mga naiipon na sick o vacation pay at mga bonus.

Kung may sarili kayong hanap-buhay, ang kinita ay isasama kapag natanggap na ninyo ito — hindi kapag kinita ninyo ito — maliban na lang kung kayo ay nagkaroon ng karapatan sa Social Security at kumita kayo bago kayo nagkaroon ng karapatan para dito.

## Espesyal na tuntunin para sa unang taon ng inyong pagreretiro

Minsan, ang mga taong nagreretiro sa kalagitnaan ng taon ay kumita na ng higit sa taunang limitasyon sa kinita. Ito ang dahilan kung bakit may espesyal na tununin na ipinapataw sa mga kinita para sa isang taon, karaniwang sa unang taon ng pagreretiro. Sa ilalim ng tuntuning ito, maaari kayong makatanggap ng kumpletong tseke mula sa Social Security para alinmang buong buwan na kayo ay nagretiro, anuman ang inyong taunang kinita.

Sa taong 2018, ang mas nakababatang tao kaysa sa nasabing edad para sa pagreretiro para sa buong taon ay ikokonsiderang retired na kung ang buwanang kita ay $1,420 o mas mababa.

Halimbawa, si John Smith ay nag-retire sa edad na 62 noong Oktubre 30, 2018. Siya ay kikita ng $45,000 hanggang Oktubre. Siya ay may part-time na trabaho simula sa Nobyembre na kumikita ng $500 kada buwan. Kahit na ang kaniyang mga kinita para sa taon ay lubos na humigit sa taunang limitasyon sa taong 2018 ($17,040), siya ay makakatanggap ng bayad mula sa Social Security para sa mga buwan ng Nobyembre at Disyembre. Ito ay dahil ang kaniyang mga knita sa mga buwan na iyon ay

$1,420 o mas kaunti, ang buwanang limitasyon para sa mga taong mas bata kaysa sa ganap na edad ng pagreretiro. Kung si G. Smith ay kumikita ng higit sa $1,420 sa alinman sa buwan ng Nobyembre o Disyembre, hindi siya makakatanggap ng benepisyo sa nasabing buwan an iyon. Simula sa taong 2019, ang taunang limitasyon lang ang ipapataw sa kaniya.

At, kung kayo ay may sariling trabaho, aming ikokonsidera kung gaano kayo nagtatrabaho sa negosyo upang mapagpasyahan kung kayo ay retired na. Ang isang paraan ay ang pagtitingin sa dami ng panahon na inilalaan ninyo sa trabaho. Karaniwan, kung kayo ay nagtatrabaho ng higit sa 45 oras sa isang buwan sa sariling hanap-buhay ninyo, kung hindi kayo retirado; kung kayo ay nagtatrabaho ng mas kaunti sa 15 oras sa isang buwan, kayo ay retired na. Kung kayo ay nagtatrabaho sa pagitan ng 15 at 45 oras sa isang buwan, hindi kayo makokonsidera na retired kung ito ay isang trabahong kinakailangan ng kakayahan, o kung kayo ay namamahala sa isang lubos na malaki-laking negosyo.

## Nararapat ba ninyong i-ulat ang mga pagbabago sa inyong mga kinita?

Dapat namin ayusin ang halaga ng inyong mga benepisyo sa Social Security sa taong 2018 batay sa inyong sinabi sa amin. Kung sa palagay ninyo, ang inyong mga kinita sa taong 2018 ay iba mula una ninyong sinabi sa amin, sabihin ito kaagad sa amin.

Kung may iba pang mga miyembro ng pamilya ang nakakatanggap ng mga benepisyo batay sa inyong trabaho, ang inyong mga kinita mula sa trabaho ninyo makalipas kayong makatanggap ng mga benepisyo sa pagreretiro ay makakapagpabawas rin sa kanilang mga benepisyo. Kung ang inyong asawa o mga anak ay nakakatanggap ng mga benepisyo bilang mga miyembro ng pamilya, gayunman, ang mga kinita mula sa kanilang sariling trabaho ay makaka-apekto lang sa kanilang sariling mga benepisyo.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa pag-uunawa ng inyong mga kinita, makipag-ugnayan sa amin. Kapag tumawag kayo, ihanda na ang inyong numero sa Social Security.

## Kayo ba ay makakatanggap ng mas mataas na buwanang benepisyo lumaon kung ang mga benepisyo ay hinawakan muna sanhi ng trabaho?

Oo. Kung ang ilan sa inyong mga benepisyo sa pagreretiro ay hinawakan muna dahil sa inyong mga kinita, ang inyong buwanang benepisyo ay tataas simula sa inyong pag-abot sa ganap na edad para sa pagreretiro para maisama iyong mga buwan kung kailan hinawakan muna ang mga benepisyo.

Bilang halimbawa, sabihin na natin na nag-aangkin kayo ng mga benepisyo sa pagreretiro sa sandaling umabot sa edad na 62 sa taong 2018, at ang inyong bayad ay $953 kada buwan. Tapos, kapag bumalik na kayo sa trabaho at may 12 buwan na mga hinawakan munang benepisyo.

Muli naming kukuwentahin ang inyong benepisyo sa inyong pagsapit sa ganap na edad sa pagreretiro na 66 at 4 buwan at babayaran kayo ng $1,018 kada buwan (sa dolyar ngayon). O, kung kayo ay kumikita ng malaki sa pagitan ng mga edad na 62 at 66 at 4 buwan na ang lahat ng mga benepisyo sa mga taong iyon ay hinahawakan muna. Sa ganoon, babayaran namin kayo ng $1,300 kada buwan simula sa edad na 66 taong gulang at 4 buwan.

## May iba pa bang mga paraan na gumagana para mapataas ang inyong mga benepisyo?

Oo. Taon-taon ay nirerepaso namin ang mga rekord para sa lahat ng mga tumatanggap ng Social Security na nagtatrabaho. Kung ang inyong huling taon ng mga kita ay lumabas na isa sa mga pinakamataas sa loob ng mga taon, aming muling kukuwentahin ang inyong kita

at babayaran kayo ng anumang pagtataas na kailangan. Ito ay isang awtomatikong proseso, at ang mga benepisyo ay binabayaran sa Disyembre ng sumusunod na taon. Halimbawa, sa Disyembre 2018, dapat kayong makakuha ng isang pagtaas para sa inyong mga kinita sa 2016 kung ang mga kinitang iyon ay nagpataas sa inyong benepisyo. Ang pagtaas ay retroactive hanggang Enero 2018.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10069-TL | January 2018
Paano Nakaka-apekto ang Trabaho sa Inyong Mga Benepisyo
How Work Affects Your Benefits (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito